**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............... | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 031-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGKAKAHALAGA NG PITONGDAAN TATLUMPU'T APAT NA LIBO TATLONGDAAN LABINGPITONG PISO AT SIYAMNAPU'T PITONG SENTIMOS (P734,317.97).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay Santo Angel Central na nagkakahalaga ng P734,317.97 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumosinsay sa mga batas at mga regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugugulin ay kapananagutan ng Barangay Santo Angel Central

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat, Angelito U. Limjuco at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet (1998) ng Barangay Sto. Angel Central na nagkakahalaga ng P734,317.97

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO;

2/24/98
NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan